Standing Strong in the midst of storm - NCF Banaba 3rd Anniversary

Noong October 31, 2010 higit 150 (children, young people, and adult) ang nagtipon upang ipagdiwang ang ikatlong taong kabutihan ng Diyos sa NCF Banaba Chapter. Simpleng pagdiriwang subalit punong puno ng masasayang alaala. Ang nasabing anibersaryo ay may temang "Standing Strong In The Midst Of Storm". Noong una nakita namin ang posibilidad na baka walang pagkain sa anniversary dahil sa kakulangan sa pondo, subalit sa biyaya ng Panginoon, Siya'y nag provide sa huling sandali ng aming pananalangin at paghihintay. Napakain ang lahat ng bisita at may naging tira pa. Naalala namin tuloy ang himala ni Hesus ng Siya'y magpakain ng higit limang libo.

Pinuno ng mga tanging bilang ang kabuuan ng programa. Sinimulan ni Jeff Nova at Rhea Lalaguna sa pag awit ng theme song na "Dakilang Katapatan". Sinundan ito ng mga presentations ng Little Lambs Ministry, God's Young Servants, at Dance Ministry. Naging bahagi din ang panonood ng video nang kung paano nagsimula ang NCF banaba.

Sa buong isang buwan tumalakay ang church sa serye kung papaano tumayong matatag kahit may bagyo. Ito ay pinngunahan ni Ptr. Albert Salipot sa pamamagitan ng pagtatalakay sa sa bagyo ng buhay at sumunod ang mga pamamaraan gaya ng RIGHT PERSPECTIVE, RIGHT BELIEF, RIGHT MOTIVATION. Gamit ang kawayan bilang simbolo ng katatagan, ipinakita sa amin ng aming pastor na kaya ng Kristiyano na malampasan ang bagyo. Ang serye ng pagtatalakay ay tinapos sa RIGHT DECISION na tinalakay naman ni Bro. Jonel Rubio na siyang naging guest speaker sa nasabing pagdiriwang.

Sa kabubuan, naging matagumpay at punong puno ng hamon ang buong buwan ng pagdiriwang. Ito'y tamang tama sa aming paghahanda na lumipad ng matayog. Pinatibay ng Diyos ang aming mga pakpak sa pamamagitan ng mga bagyong sinuong namin dahil gusto ng Diyos lumipad kami at abutin ang aming mga pangarap. To God be the glory!